（タガログ語）

May 28th, 2024

Para sa mga magulang ng 3rd year students,

Anjo Sasame JHS Principal Adachi Masayuki
3rd Year Head Teacher Mori Youichi

# TUNGKOL SA PAGRESPONDE SA TYPHOON NO. 1 DURING FIELD TRIP
# 修学旅行中における台風１号への対応について

Sa palapit na tag-init, sana po ay nasa mabuti kayong kalagayan. Ang Field Trip na nilu-lookforward ng mga bata ay bukas na po ngunit kagaya ng naririnig natin sa balita, ang typhoon no. 1 po ay sinasabing dadaan sa south side ng Japan.

Sa paglapit ng bagyo, ang pinaka nakakapangamba po ay ang malakas na ulan simula 28(Tue) hanggang 29 (Wed) at pinakamalapit ito sa *Kanto* region sa 31 (Fri).

Kaya naman, ang pagresponde sa iba't ibang uri ng sitwasyon during field trip ay kagaya ng mga sumusunod. Ano man ang maging sitwasyon, ang kaligtasan ng inyong mga anak ang aming priority. Hinihingi po namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon.

## Nilalaman

【Situation① : May 29(Wed) Kapag nagkaroon ng delay sa bullet train】

・Once finalized na po ang departure time ng bullet train ay ipapaalam namin thru email, tetoru, and homepage.

【Situation② : May 29(Wed) Kapag walang biyahe ang bullet train】

・Kung hindi po makakaalis ay postponed ang field trip. Iko-konsulta po namin sa travel agency ang schedule at ipapaalam sa inyo sa mga susunod na araw. Ang paraan ng pagpapadala pabalik ng luggage ay ipapaalam din po namin sa susunod.
・Kung wala pong strong wind alert *(bouhukeihou)*, papasukin po ang bata sa high school ng 9:30. Ang estimated dismissal time po ay 11:20.
・Sa 30(Thu) at 31(Fri) po ay 6 period classes sila at kailangan magdala ng *bento*. Pakiusap po na pagdalhin sila. If this is the case, ipapaalam po namin ang detalye sa 29(Wed).
・Ang cancellation fee po ay magiging sakop ng「School Field Trip Cancellation Fee Insurance 学校旅行キャンセル費用保険」.

【Situation③ : May 31(Fri) Kung magbabago ang arrival time sa Mikawa Anjo Station】

・Once finalized na po ang arrival time ay ipapaalam namin thru email, tetoru, and homepage.

【Situation④ : May 31(Fri) Kapag walang biyahe ang bullet train at na-stranded】

・Additional one night po sila sa location. Ngunit hahanap pa lang po ng hotel once in-announce na walang biyahe ang bullet train. May posibilidad po na magtagal sila sa Tokyo Station habang naghahanap pa ng matutuluyang hotel. Gayunpaman, as per *Kinki Nippon* Tourist, na handler ng field trip this year, noong nawalan din ng biyahe ang bullet train dahil sa bagyo noong June 2, 2023 ay hindi naman nagkaroon ng shortage sa tutuluyan ang hawak nilang paaralan that time.
・If this happens, ang uwi po nila ay magiging June 1(Sat). Kapag alam na po namin ang paraan at oras ng kanilang pag-uwi, ipapaalam po namin ito thru email, tetoru, and homepage.
・Ang magiging gastos para dito ay sakop po ng「Field Trip Change Expense Insurance 修学旅行変更費用保険」.

【PAKIUSAP】

・**Kung may iniinom na gamot po ang bata, pakiusap po na siguruhing pagdalhin sya ng extra. Gayundin, mangyari po lamang na pagdalhin din sila ng extra inner wear.**
・Ang pagbabago po sa schedule ay sa email, tetoru, at homepage namin ipapaalam. Please check them frequently.
・Sa situation sa ①③④, hindi po magagamit ang parking lot ng *Aishoden*. Paumanhin po ngunit gamitin po ang mga parking lot na may bayad sa paligid ng Mikawa Anjo Station.

〈Contact Sasame JHS 3rd Year Head Teacher Mori Youichi ℡ 76-1777〉